

SI G. JAIME FIGUEROA TIONGSON
at ang Inskripsyon sa
Binatbat na Tanso ng Laguna

Michael Charleston B. Chua, M.A.

Pamantasan ng De La Salle, Maynila

Limitadong Pagbabasa

Sa isang diksyunaryong Anglo-Amerikano, ang “history” ay “*all recorded events of the past..., a known or recorded past..., something important enough to be recorded.*”¹ May diin sa salitang *record*, nasusulat na dokumento, at mangyari pa, ang nakapagsusulat lamang ay yaong mga may pinag-aralan at nakatataas sa lipunan. Sa matagal na panahon, kapag *history* ang ating pinag-uusapan, mga pambansang pinuno ang ating naaalala, kasama na ang mga hindi maibaybay na mga pangalan ng lugar at mahirap mamemoryang mga petsa. Sa matagal na panahon, laging sinasabi ng ating mga dayuhang mananakop na wala tayong *history* o *historia* “bago sila dumating” dahil walang “dokumento” patungkol dito; samakatuwid, wala ring “sibilisasyon” na mapatutunayan sa harap ng dokumentong

¹ David B. Guralnik (pat), *Webster’s New World Dictionary*. Toronto: Nelson, Foster & Scott Ltd, 1970, pah. 665-666.

taglay ng mananakop. Tuloy, parang nawalan ng *saysay* sa atin ang pag-aaral ng ating nakaraan.

Ngunit, sa kabilang dako, ang ating “*kasaysayan*” ay mula sa “*saysay*” na may dalawang kahulugan: *salaysay* (kuwento/paglalahad) at *saysay* (kabuluhan/katuturan). Samakatuwid, para sa atin ang kasaysayan ay “salaysay na may saysay.”² Hindi ito nakatuon sa dokumento lamang bilang batis pangkasaysayan, kundi maging sa mga pasalitang tradisyon (epiko, mito, alamat, kuwentong bayan, awit, bugtong at iba pa) na dahil ipinapaspasa sa mga salinlahi ay sumasalamin sa kaisipan at mentalidad ng bayan sa bawat yugto ng lumipas na panahon. Bukod dito, maiuugnay ito sa mga labi ng mga kalinangan at kabihasan na napapalitaw sa pamamagitan ng arkeolohiya, na dahil nakapagbibigay ng relatibong kronolohiya, ay nakapagdudulot ng perspektibang pangkasaysayan sa lahat ng mga ito.

Nakapaloob ang pagkakaiba ng *history/historia* at kasaysayan sa itinataguyod nating *Bagong Kasaysayan* (BAKAS), ang pagsasama ng diwa ng Pilipinong *Kasaysayan* at ng kanluraning disiplina at metodolohiya ng *historia*, kung kaya’t hindi na dapat manatiling nakapako sa isang disiplina ang pag-aaral ng nakaraan bilang kabuuan. Kung hindi na nakatali sa dokumento lamang bilang batis ang kasaysayan, kailangang maging multidisiplinaryo ito sa pamamagitan ng paggamit ng iba’t ibang disiplina, tulad halimbawa ng arkeolohiya, lingguwistika at antropolohiya. Ayon sa paglalagom ni Prop. Navarro ng mga kaisipan ni Dr. Salazar, ang ganitong lapit na multidisiplinaryo/pluridisiplinaryo

...ay tumutukoy sa paggamit ng dalawa o marami pang magkakaugnay na disiplina ng isang dalubhasa, pantas o paham upang maging mabisa ang pag-uugnay ng maaaring mga pananaw, pagtingin, pagsusuri at pag-

² Zeus A. Salazar, “Ang Pantayong Pananaw sa Agham Panlipunan: Historiograpiya,” Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan (mga pat.), *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*. Lunsod ng Mandaluyong: Palimbagan ng Lahi, 2003, pah. 70-71.

unawa sa paksa. Ibig sabihin nito, hindi lamang saklaw ng mga disiplinang ginagamit ang nalalaman kundi lalo't higit ang *lawak* at *lalim* ng mga ito.³

Ipinaliwanag din ni Prop. Nancy Kimuell-Gabriel na nalampasan na ng Bagong Kasaysayan ang positibismo sa pamamagitan ng multidisiplinaryong dulog, kung kaya't

....[t]inatanggap... (nito) ang mga dokumento bilang tradisyunal na batis pangkasaysayan subalit hindi na... nakakulong lamang (ang Bagong Kasaysayan) sa mga dokumento. Multidisiplinaryo ang pagdulog ng Bagong Kasaysayan sa pag-aaral kung kaya ang dokumento ay isa na lamang sa mga batis. Tinatanggap ngayon ang pasalitang kasaysayan (*oral history*) at lahat ng positibong bagay (*positive reinforcement*) na makakapagpatibay na nangyari ang mga pangyayari, tulad ng larawan, monumento, artifak, relics, atbp. Ang ganitong *approach* ay tinatawag na *triangulation of sources*: makapal na dokumento, pasalitang batis at mga *positive reinforcement*. **Multidisiplinaryo** sapagkat lahat ng disiplina ng agham panlipunan (arkeolohiya, lingguwistika, antropolohiya, sikolohiya, ekonomiya atbp.) ay nagdadayalogo at nagdedebate para patibayin ang isang *historical claim*. Mas suportado ng iba't ibang disiplina, mas matibay ang isang salaysay. Higit ding kumparatibo, kumprehensibo at analitikal ang lapit na multidisiplinaryo.⁴

Hindi nalalayo rito ang lapit na ginamit ni G. Jaime Figueroa Tiongson sa kanyang pag-aaral sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (IBTL). Gumamit din siya ng iba't ibang historikal, antropolohikal at arkeolohikal na pananaw.

³ Atoy M. Navarro, "Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan." *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, 11*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, pah. 26.

⁴ Nancy Kimuell-Gabriel, "Mam, Totoo Po Bang Hindi Nag-exist si Bonifacio? (Isang Medyo Seryosong Sagot sa Hindi na Cute na Tanong)." *The Bedan* (Maynila), Agosto 2007, pah. 8-9.

Una kong nakilala si G. Tiongson noong ika-8 ng Nobyembre, 2006 sa Bulwagang Virata ng Development Academy of the Philippines, Lunsod ng Pasig. Tagapagsalita siya noon sa sampaksaang “*Philippine Towns and Cities: Reflections of the Past, Lessons for the Future.*” Itinaguyod ito ng U.P. Departamento ng Kasaysayan, kasama ng Heritage Conservation Society at ng Urban Partnerships Foundation.



Larawan 1

Si G. Tiongson sa *seminar* ng U.P. Departamento ng Kasaysayan at Heritage Conservation Society, 2006

Ipinakilala niya ang sarili bilang isang “*accidental historian*,” at noon ay nagpakita ng bagong tala sa Katagalugan bago dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas batay sa bagong lingguwistikong pagsusuri ng *Laguna Copperplate Inscription*. Ang pagsusuri ay naisakatuparan niya sa tulong ng pinakaunang *Vocabulario*, isa sa maraming pamanang pangkalinangan na iniambag ng bayan ng Pila, Laguna. Ito ay isinulat ni Padre Pedro de San Buenaventura at nailathala sa Pilipinas ni Tomas Pinpin, ang unang Pilipinong tagapaglimbag.

“*Accidental historian*” dahil pala sa siya ay nagtapos ng Bachelor of Science in Public Health sa U.P. Maynila, at bahagi ng *corporate world* nang may dalawang dekada na bilang kawani ng San Miguel Corporation. Gayunpaman, wala mang pormal at propesyunal na pagsasanay sa kasaysayan at antropolohiya, ang kanyang sigasig at maalab na damdamin para sa kasaysayan ay makikita sa kanyang mga gawain bilang Pangalawang Pangulo ng Pila Historical Society Foundation, Inc. at bilang Tagapagtatag at Pangulo ng Railways and Industrial Heritage Society of the Philippines, Inc. Maituturing siyang isang mamamayang iskolar na may kamalayang nakapook sa kanyang tinubuang bayan -- ang Pila, Laguna.

Maging ang kanyang kamalayang pangkasaysayan ay lumitaw sa kanyang metodong ginamit, ang pagkonsulta sa mga lumang diksyunaryo, sa tradisyon ng mga pananaliksik nina Dr. Bernadette Abrera ukol sa Anting-Anting at Dr. Felice Noelle Rodriguez ukol sa mga Subanon ng Zamboanga.

Lubos na mahalaga ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (IBTL) na natagpuan sa Ilog ng Lumban, Laguna noong 1989 (*cf.* ang ambag ni Dr. Grace Barretto-Tesoro, *infra*). Una itong isinalin ni G. Antoon Postma kung saan ipinalagay niya na ito ay nakasulat sa Lumang Malay at nagpapakita ng pagkakaugnay noong ika-10ng dantaon ng mga sinaunang kaharian at bayan sa kapuluang pagdating ng oras ay magiging Pilipinas. Taliwas sa interpretasyong ito ni G. Postma, para kay G. Tiongson ang Puliran ng IBTL ay ang Lawa ng Laguna at hindi ang Pulilan sa Bulacan at ang Pailah ay hindi tumutukoy sa Paila ng Bulacan kundi sa Pila ng Laguna.

Una kong ibinalita ang bagong interpretasyong ito kay Dr. Zeus Salazar sa pamamagitan ng *e-mail* noong ika-28 ng Setyembre, 2007. Kinabukasan, ganito ang naging tugon ni Dr. Salazar:

Mahal na xiao, maraming salamat sa padala mo. Magagaling ang argumento ni G. Tiongson. Malamang nga siguro na sa Laguna ang Pailah (kasalukuyang Pila: -- i.e., pailah = pela(h) = pila). Mas suportado ng ebidensyang arkeolohikal ang PILA, LAGUNA kaysa sa PAILAH, BULACAN. Bukod dito, hanggang sa panahon nina Raha Muda Sulayman at Raha Matanda, konektado ang Laguna sa karadyahan ng Maynila, bagamat may malakas na koneksyon din ito (SA PANAHONG IYON) sa rehiyon ng Bulakan-Pampanga na maaaring tingnan bilang isang sosyo-pulitikal na yunit noong panahong iyon (*cf.* ang disertasyon ni Jimmy Veneracion). Maraming salamat uli. ZAS

Muli kaming nagtagpo ni G. Tiongson sa unang araw ng Ikawalong Pandaigdigang Kumperensya sa Araling Pilipino (8th ICOPHIL) noong ika-23 ng Hulyo, 2008. Inanyayahan niya

akong makinig sa kanyang presentasyon ng “*The Laguna Copperplate Inscription: A New Interpretation Using Early Tagalog Dictionaries.*”

Sa tulong ng mga materyales na ipinahiram ni G. Postma, panibago niyang binasa ang buong inskripsyon. Hindi na lamang ang mga pangalang lugar sa IBTL ang binigyan niya ng bagong pakahulugan, kundi ipinakita niya na ang buong inskripsyon mismo ay nasa Lumang Tagalog na may ilang halong salitang teknikal na Sanskrit. Ito’y kung pagbabatayan ang mga lumang diksyunaryong Tagalog, laluna ang *Vocabulario de la Lengua Tagala* ni San Buenaventura. Ibig sabihin, kung mapatutunayan ang ganitong konklusyon, matagal nang ginagamit ang Wikang Tagalog sa pagsusulat.

Gayunpaman, sa naturang kumperensya nadama ni G. Tiongson na tila iba ang kanyang nagiging pananaw kumpara sa ilang mga iskolar. Ang pinakamatingkad na reaksiyon ay nagmula sa isang dayuhang iskolar na sumulat sa kanya noong ika-31 ng Hulyo, 2008 (aking salin mula sa orihinal na Ingles):

Binasa ko nang may matamang interes ang iyong papel ukol sa Laguna Copper Plate. Nagbigay ka rito ng malaking pagsisikap at maraming interesanteng mga datos. Pihadong gagawa ito ng mabungang talastasan.

Sa kasamaang palad, hindi ko lubos na nadama ang nais mong patunayan. Lubos na kinakailangan ang iyong mungkahing salin sa Ingles ng LCI, kaakibat ng buong teksto ng mismong inskripsyon. At dahil bawat salita sa LCI ay may kaakibat na kahulugan, kinakailangan ng isang salin sa bawat salita, habang nililiwat (inuulit) din ito sa kaukulang sintaks sa Ingles.

Ang listahan ng mga salita sa Appendix 2 ay mahirap masangguni, sapagkat hindi ito nagtataglay ng kumpletong



Larawan 2
Sa 8th ICOPHIL Conference,
ika-23 ng Hulyo, 2008
[Kuha ng May-akda]

tala ng lahat ng salita sa LCI, walang katumbas na kahit ano, at hindi nagtataglay ng eksaktong kahulugan ng mga salita kung paano ito lumitaw sa LCI.

Sa larangan naman ng pagsasalin, sa maraming bahagi ng iyong papel gumamit ka ng wikang Tagalog o Español, ngunit hindi ka naglagay ng salin sa Ingles. Ang karaniwang gawi sa tuwing gumagamit ng dayuhang salita at pangungusap (sa Ingles) na kabilang sa teksto ay maglagay ng salin ng mga ito na nakasaknong. Ang kawalan ng ganitong salin ay nakakadagdag sa kahirapang makakuha ng tiyak na tanaw ng iyong paglalahad.

May ilan ding usaping pilosopikal na mahalagang makita. Tila nagsisikap kang humanap ng katumbas sa Tagalog noong ika-17ng siglo sa bawat salita sa LCI. Ngunit ang LCI, sa anumang wika man ito isinulat, ay hindi isinulat sa Tagalog noong ika-17ng siglo. Ito ay lubos na lumilitaw sa iyong salin sa Appendix 1. Upang ilapat ang wika ng LCI sa Tagalog noong ika-17ng siglo, kinailangan mong malawakang ibahin ang balarila at ang pagkakaayos ng mga salita. Ang Appendix 1 ay kitang-kitang sa Tagalog, at hindi maaaring kilalanin bilang wika ng LCI.

Limang Pagbabasa

Hindi ako iskolar ng Lumang Malay, ngunit sapat ang aking kaalaman sa Indones. Ang mga wikang Tagalog at Malay ay mas malapit noong 900 AD kaysa noong 1600 AD. Maaaring sa mahigit na 700 taon, ang mga salita na dati ay magkakatulad sa dalawang wika ay hindi na ginagamit sa isa, ngunit ginagamit pa sa isa. Isang magandang halimbawa ay ang salitang "dengan." Matapos ang 1600, ang "dengan" ay hindi na ginagamit sa Tagalog, ngunit wala itong pinag-iba kung ito man ay mas maagang nawala. Ang "dengan" ay nananatiling payak na ginagamit sa kontemporaryong Indones/Malay. Samakatuwid, bagama't napakainam na humanap ng mga salitang LCI sa mga diksyunaryong Tagalog noong ika-17ng siglo, nararapat din na suriin ang mga batis na Malay/Indones, anuman ang wika ng LCI.

Isang bagay na mahalagang isaalang-alang ay ang tamang interpretasyon ng "di" sa LCI. Iyong iminungkahi na madalang magamit ang "di" dahil ito ay makikita lamang sa isang inskripsyon. Ngunit sa katunayan, ang "di" ay palagi ginagamit ng mga kasalukuyang nagsasalita ng

Malay/Indones; samakatuwid maliwanag na lalo na noong panahon ng sinaunang Malayo, iba sa maaaring ipakita sa atin ng minsang paglitaw nito sa isa lamang na inskripsyon at samakatuwid, ay malinaw na sa ganoon ay naging mas laganap sa Lumang Malay kaysa maaaring mahinuha sa paglitaw nito sa iisa lamang na inskripsyon. Nagpapakita ito ng natapos na gawain sa tuwing inilalagay sa isang pandiwa, isang pang-ukol na maaaring tumayo nang mag-isa na nangangahulugang "sa" (e.g. "di Tundun"), at ginagamit bilang unlapi sa mga salitang tumutukoy sa lugar, e.g. "di hadapan." Sa iyong mungkahi sa LCI, ang kahulugan ng "di" ay "ang," ngunit walang paliwanag sa batayan ng tila kwestionableng konklusyon [na ito].

Sa aking nakikita, hindi gaanong matibay ang batayan na ang "namwaran di bari waradana wishuddhapatra" ay nangangahulugan ng iba kaysa "kay namwaran ibinigay ang waradana wishuddhapatra." Ang salitang "Diberi" sa kasalukuyang Malay/Indones ay nangangahulugang "nabigyan," ngunit mas mahalaga dito ang pagkakaayos ng mga salita. Dahil sa "di," naganap na ang pagkilos, yun ay, "nabigyan." Kung ang kahulugan ng "bari" ay "broken," o "bali," "nabali" dapat ang salin nito. Ngunit nakasanayan na sa pagkakaayos ng mga pangungusap sa Malay/Indones na mayroon dapat tagagawa ng kilos bago ang pandiwa at ng panaguri matapos ang pandiwa. Bagay dito ang "nabigyan" na umuukol sa kinakailangang ayos na simuno-pandiwa-panaguri requirement; hindi ang "nabali." Ang tanging paraan lamang upang bumagay ito ay tulad ng ginawa mo sa Appendix 1 at magpakilala ng bagong uri ng pandiwa at ayos ng pangungusap na hindi matatagpuan sa LCI ("ang nabali ay ang"). Sa ibang salita, nararapat mong gawing simuno ang "waradana wishuddhapatra" ngunit kung pagbabatayan ang "di" bago ang pandiwa sa teksto ng LCI, maliwanag na ito ay isang panaguri.

Dahil ang Laguna Copper Plate ay natagpuan sa Katagalugan, maaaring sabihing nagtataglay ito ng ilang katagang Tagalog. Gayundin,, dahil gumagamit ito ng mga salitang Sanskrit at isang pagpepetsang kumon sa mas malaking rehiyong Malayo, hindi rin nakagugulat na gagamit ito ng mga kataga sa Lumang Malay. Maaaring ang dalawang wika ay lumilitaw sa LCI. Kaya naman inaasahan kong makatanggap sa hinaharap ng nirebisang bersyon ng iyong papel kung saan magiging madaling masagot nang

ganap ang mga katanungan. Napakagandang paksa ito, at sa pag-aaral mo nito, nakapagbigay ka ng isang dakilang serbisyo.

Sa araw rin na iyon, kagyat at magalang niyang sinagot ang mga puna ng iskolar:

Maraming salamat sa pagbibigay ng panahon sa pagbabasa ng aking papel at pagbibigay ng mahahalagang mungkahi at mga input. Ang papel ay may kasamang presentasyong powerpoint para sa kumperensya at ito marahil ang dahilan kung bakit may mga kakulangan. Sa hinaharap, ilalathala ko ito upang umakma sa nakasanayan nang gawi (sa kaso ng pagsasalin ng Español patungong Ingles).

Tanging ang salin sa Tagalog lamang ng LCI ang ibinahagi sa kumperensya upang magbigay-diin sa yaman ng aming wika. Ang susunod na bersyon ay magtataglay ng salin sa Ingles tulad ng iminungkahi. Ako ay umaasa na makahanap ng tamang katumbas sa Ingles ng "iyama kanya sa dani niya anak kuko."

Sa gamit ng "di," ang diksyunaryo ni San Antonio ay nagbigay liwanag na ukol dito, tulad ng nabanggit na sa papel. Nananatili ang aking pananaw na "di" bilang unlapi ay matatagpuan lamang sa isang inskripsyon sa Lumang Malay at kung gagamitin man ito sa kasalukuyang Malay mas magkakaroon ng problema kaysa solusyon. Ang "di" rin ay kumon din sa luma at modernong Tagalog bagama't ang gamit ay magkaiba. Ibang paraan ng pagsulat: "Ang nabali ay ang waradana wishuddapatra" ay ang mga sumusunod "ang nabali waradana wishuddapatra" o "nabali waradana wishuddapatra." Kung wala ang "ay ang" at "ang" o bilang natapos nang aksyon (nabali) para sa bari o bali, ay magbibigay pa rin ng parehong kahulugan. Irerebisa ko ang papel upang maging mas maliwanag ito tulad ng iminungkahi.

Pakipansin na nagtataglay ang LCI ng mga salitang Tagalog sa "karamihan" na may halong mga salitang teknikal sa Sanskrit. Ito ang binibigyang diin ko sapagkat ito ang mensaheng nais kong ibahagi sa lahat.

Gumamit ako ng mga diksyunaryong Tagalog mula noong ika-17ng siglo, at ito ang nakikitang kakulangan ng aking pag-aaral. Kakulangan ding masasabi ang paggamit

ng mga kasalukuyang diksyunaryo sa Malay o Indones sa mga sumunod na interpretasyon at pag-aaral ng LCI.

Muli, salamat nang marami sa pagbibigay ng oras sa pagbasa ng aking papel at pagpapadala ng iyong mga komento. Pinapahalagahan ko ito nang lubos at aking rerebisahin ang papel upang matugunan ang lahat ng iyong mga alalahanin at mungkahi.



Larawan 3

Sina G. Postma, Dr. Salazar, at G. Tiongson sa sampaksaan ukol sa Inskripsyon sa Banga ng Calatagan, U.P. Diliman. Ika-1 ng Oktubre, 2008 [Kuha ng May-akda]

Samantala, sa pagpapatuloy ng talastasan sa pagitan namin ni G. Tiongson lalo pang magiging malinaw ang *impact* ng kanyang mga bagong datos at minsang maibubulalas nito na “malalim ang implikasyon nito [ng kanyang pag-aaral] *and I need all the help from you guys.*”

Kinabukasan, ibinalita ko ito kay Dr. Salazar na naging interesado naman, laluna at may kaugnayan din ang natuklasan ni G. Tiongson sa ginagawa noong disertasyon ni Dr. Lars Raymund Ubaldo tungkol sa pagkadalumat ng Tagalog at Katagalugan sa agos ng kasaysayan.

Ang pagtatagpo nina Dr. Salazar at G. Tiongson ay aking isinaayos at tuluyan ngang magaganap sa isang sampaksaan ukol sa mga bagong interpretasyon ng isa pang lumang inskripsyon, ang sa Banga ng Calatagan. Ginanap ang naturang sampaksaan noong ika-1 ng Oktubre, 2008 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, U.P. Diliman. Dito, napagkasunduan ng dalawa na talakayin ni G. Tiongson ang kanyang papel sa isang libotpanayam ng Bagong Kasaysayan, Inc.-Bahay Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS). Layunin nito na maisalang ang kanyang papel sa isang talastasan sa pagitan niya at ng mga kasapi at/o regular na katalastasan ng BAKAS, na ang karamihan ay mga

historyador, arkeolohista, antropolohista, lingguwistika at sosyolohista.



Larawan 4

Libot-panayam sa Escaler
Ika-15 ng Nobyembre, 2008 [Kuha ni MCVPeñalosa]

Naisakatuparan ang libot-panayam noong Sabado, ika-15 ng Nobyembre, 2008 sa Bahay Escaler, Loyola Heights. Ang presentasyon ni G. Tiongson ay pinatingkad ng mga reaksyon nina Dr. Salazar; Dr. Grace Barretto-Tesoro, isang arkeolohistang nagtapos ng doktorado sa Cambridge at nagsaliksik ukol sa lipunang Pilipino batay sa mga labi sa Calatagan; Prop. Lars Raymund Ubaldo na nagsusulat noon ng kanyang disertasyon sa U.P. Diliman ukol sa dalumat ng Katagalugan; Prop. Vicente Villan ng U.P. Diliman na nagpapakadalubhasa sa sinaunang lipunang Pilipino ng Kabisayaan; at Prop. Nancy “Naknak” Kimuell-Gabriel na gumagawa ng kanyang disertasyon sa U.P. Diliman ukol sa kasaysayan ng Tundo.

Nakita ni Dr. Salazar ang batayan at katatagan ng interpretasyon ni G. Tiongson at ang lawak at kahalagahan nito sa pag-aaral ng sinaunang lipunang Pilipino. Sa katunayan, habang nakikinig sa panayam, napapabulalas si Dr. Salazar ng “Terrible!” Aniya, “Diwa talagang pantayong pananaw at dugong pantas. Sana lang makalipat din sa talastasang BAKAS, sa sariling wika.” Kinabukasan, sinabi ni Dr. Salazar sa akin sa

pamamagitan ng *text* na “May diwang pantayong pananaw si Jimmy at saka talaga namang orihinal at pantayong pananaw ang kanyang pag-aaral. Pasasalamat sa kanya.”

Sa gabi mismo ng panayam iminungkahi ni Dr. Salazar na “mainam na buuin” at ilathala ng BAKAS ang kinalabasan ng naganap na talastasan sa isang aklat na magtatampok sa pag-aaral ni G. Tiongson. Nakumbinsi naman ang huli na isalin at rebisahin ang kanyang pag-aaral sa wikang P/Filipino upang mas mapakinabangan ng Bayan. Taliwas ito sa naunang plano ni G. Tiongson na ibigay sa isang ingleserong akademikong dyornal ang kanyang papel. Ayon sa kanya, “*Do we still need it published by a journal? I prefer BAKAS.*” Ang panibagong pagsulat na ito ng papel sa P/Filipino ay nagpamalas naman ng angking kahusayan ni G. Tiongson sa pagsusulat sa sariling wika.

Hindi dito magtatapos ang itinakda na noong proyekto. Nasundan ang talastasan ng dalawang lakbay-aral sa mga lugar na nababanggit sa IBTL. Ang una, noong ika-30 ng Mayo, 2009 (Pila – Pinagbayanan – Liliw – Majayjay – Lucban – Botocan sa kagandahang-loob ng BAKAS at ng *Linangan Educational Trips, Co.*); at ang pangalawa, noong ika-24 hanggang ika-26 ng Hulyo, 2009 (Capalonga-Lumban-Tayabas-Lucban sa kagandahang loob naman nina Alkalde Ernesto Jalgalado, Jr. ng Capalonga, Camarines Norte, G. Tiongson at Dr. Salazar) [*cf.* sa aklat na ito kapwa ang papel ni G. Timothy James “Taj” Vitales ng Museong Pambansa at ni Bb. Donna Arriola ng U.P. Archaeological Studies Program]. Bukod sa mga pangunahing may-akda ng kasalukuyang aklat at sa ilang mga kasaping guro ng BAKAS, kasama rin sa mga naturang lakbay-aral ang ilan sa mga nagbigay ng papel bilang mga karagdagang ambag sa aklat na ito.

Habang binubuo ang aklat, patuloy na naging katalastas si G. Tiongson ng mga historyador at arkeolohista ng BAKAS ukol sa iba’t ibang isyu. Isang mahalagang ambag niya sa talastasan ay ang pagpapatunay na, taliwas sa duda ng ilang

tradisyunal na historyador, ang mga katagang “kasaysayan,” “salaysay” at “saysay” sa pagpapakahulugan ng BAKAS sa salitang “*Kasaysayan*,” ay matatagpuan din maging sa mga lumang diksyunaryong Tagalog. Narito ang ilan sa mga tala ni G. Tiongson patungkol dito:

Vocabulario de la Lengua Tagala, San Buenaventura:

Declarar: Saysay pc: desenmarañando algo, nagsasaysay .2.ac. desenmarañar algo de clarando lo, sinasaysay .1.P. ser declarado, nasasaysay .8. auerlo ya declarado, imp: magsaysay ka niyang wika mo, de clara eso que has dicho, saysayin mo iyang wika mo, idem (216).

Declarar: Salaysay pp: T. explicando algo, nagsasalaysay .2.ac. Declarar, imp: magsalaysay ka niring wika kong lahat, declara todo esto que e dicho. 1. salaysayin mo yaring wika kong lahat (217). T = Tingues

Declaración: Pagsaysay pp: de algo, sale de saysay .Vi. Declarar: masama ang pagsasaysay mo niyan, muy beliacá declaración das a eso, maiging pagsaysay, buena declaración (217).

Declarador: Masaysay pc: que declara, ad: de saysay, masaysay na lubha ang Pareng yari, este Padre es hombre que declara muy bien las cosas, masaysay ka palang tawo, buen declarador eres (217).

Significación: Kasaysayan pp: de parabola, abs: de saysay, may kamahal ang kasaysayan nito, ay cosa mas preçiosa que la significación desto, ang pagkasaysaysaysay nito, ay, la significación desto (553).

Significación: Katuturan pc: de lo que se de clara, abs: de toto, ang katuturan nitoy maliwag din, es dificultosa la significación desto, mahal ang pagkatoortoor, tiene significación sancta (553).

Orden: Saysay pc: con çierto y modo en lo que se hace .Vi. Declarar: pinapagsaysay mo na? pusistelo en orden conçertastelo?; pagkawala ninyon saysay, no teney orden modo ni conçierto (454).

Desenmarañar: Saysay pc: pleyto entricado .Vi. Declarar: dating ang Kapitan basal ang nagsasaysay nang usap, del Gobernador es desenmarañar los pleytos (235). (desenmarañar → malutas, uriin, makahanap ng kasagutan)

Desenredar: Saysay pc: hilo, nagsasaysay .2.ac. desenredar algo, sinasaysay .1.P. ser lo, nasaysay na? ya esta desenredado, imp : magsaysay ka nito, desenreda esto. 1. saysayin mo ito (236). (Desenredar → malutas, uriin, makahanap ng kasagutan)

Dijerir: Saysay pp: la comida, nagkasasaysay. 9. ac dijerir, dile pa nagkasasaysay ang hinapunan ko kagabi, aun no edijerido laçena, este y el pasado son, metas: de desenmarañar algo (254). (Dijerir o Digerir la comida → tunawin ang pagkain)

Explicar: Saysay pc: declarado algo .Vi. Declarar: ypasaysay mo sayba, pide a otro la explicación (316).

Vocabulario de Lengua Tagala, Noceda & San Lucar

Saysay. Pc. Declarar, explicar, poner en concierto cosas materiles, como desenmarañar el cabello, &c. *Vm.* 1. *Mag.* Si mucho, o muy bien, *Magpaca.* Lo aclarado, In. Si, mucho, *Pacain.* La causa o con que, Y. Abstracto, *Casaysayan.* Pp. 1. pc. Sinonimo *Husay* (291).

Salaysay. Pc. Declarar. Vide su sinonimo *Saysay*, con sus juegos, menos el de desenmarañar (278).

Sauato. Pc. Concertarse, concordar, *Magcaca*, y mejor *Magcasasa.* En que, *Pagcasauatoan.* La cuasa. *Ipagca.* Sinonimos *Mayao*, *Uasto*, *Husay*, *Saysay* (289-290).

Casaysayan, 1. Casalaysayan. Pp. Declaracion, explicacion o significacion. Tambien, utililidad, provecho (377).

Vocabulario Tagalo, San Antonio

Saysay. Pc. Desenmarañamiento de cualquier cosa endredada. Y de agui, explicar algun negocio, y es menos que "husay", y asi dicen: *Husayin mong*

magaling iyang sinasaysay mo. Nagsasaysay ng bohoc (234-235).

Vocabulario, Ruiz

Saysay. Aclaracion, explicacion, postura de algo en orden y concierto, diferenciase sayosay, en que esta es propio para las cosas de entendimiento o pleitos que se aclaran y aplican; y el sayosay para las cosas materiales que estan enredadas y sin orden. Um: madeja de algodón; aunque tambien se aplica a pleitos etc. Um: l. mag: explicar, aclarar; y si. m. o muy bien: magpaca; y si muchas cosas: magsaysay; saysayin: lo aclarado, si mucho con, paca: si muchas cosas; pagsaysayin; i: la causa o manos con que poner en orden lo enredado; abstracto: casaysayan. l. casaysayan; la explicacion; ff. pa. l. papagsaysayin: a quien se manda que explique o ponga un orden; ipa: lo que; y si muchas cosas: ipagpapa; sinonimo: hosay (433-434).

Explicar. Saysay, salaysay. Vide: Tingcala (688).

Salaysay. Declarar, lo mismo que su sinonimo: saysay. y sus composiciones, excepto el significado de desenmarañar, lo enredado (403).

Sauatô. Orden y concierto de unos con otros en lo que hacen o dicen, nagcacasauato. tener orden y concierto. verb. pagcacasauato: la accion; pagcasauatôan: la obra o conversacion en que hay orden y concierto; ipagca: la causa; di magcasauato. l. di magcatoto, ff. papagcasauatoin: a quienes se manda o hace que tengan orden y concierto. sinonimos: mayao, husay, SAYSAY. Vide: sondo (431).

Napag-uusapan lamang din ang *saysay*. Sa isang email noong ika-19 ng Nobyembre, 2008, sa ganitong paraan binibigyang saysay ni Dr. Salazar ang pag-aaral ni G. Tiongson:

Excited talaga ako sa ambag ni Jimmy. Swak na swak sa Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan, laluna kaugnay ng etnohenesis (Lars Ubaldo), Maynila bilang bato balani ng pangangayaw ng Bisaya (Vic Villan), sa panahon

nitong huli (ika-16 na Dantaon) tila diarchy (dalawahang sambayanan) ng Tondo at Maynila, ang una patungong Bulacan at Pampanga na ang sentro ay Macabebe, ang Maynila (patungong Pila). Iisa lang ang ilawud (ang dalawang sambayanan ng Tondo at Maynila), at dalawa ang ilaya (Macabebe at Pila). Pakiforward ito kina Lars, Vic at Naknak at kay Jimmy na rin. Marami ang mabubuksang saliksik ng ambag ni Jimmy.

Sa isang banda naman, ang mga paunang saliksik na higit na magpapaibayo sa mga konklusyon ni G. Tiongson ay matatagpuan sa kasalukuyang aklat. Gayundin ang pangkalahatang pagsasakonteksto ng IBTL sa kabuuang kasaysayan ng Kapilipinuhan ayon sa bagong pagkabalangkas dito ni Dr. Salazar.

Sa pagbubuod, ang mga pag-aaral sa aklat na ito ay isang masusing pagbabalik-tanaw sa isang sistemang ilog – ang sa Pasig na nag-uugnay sa Tundo at Lawa ng Ba'i patungong Bin(a)wangan sa Camarines Norte, ginintuang kabayanan, na nag-uugnay/nagdurugtong sa isa pang pinagpalang sistemang ilog, ang sa Bikol.

Sa huli, ang mga mamamayang iskolar katulad ni G. Tiongson at ng mga ekspertong kasama niya sa pagturo at pag-unawa sa/ng kasaysayan para sa mga Pilipino ang siyang mga inspirasyon ko. Binibigyang saysay nila ang aking patuloy na pananaliksik at pagtuturo ng kasaysayan sa sariling pananaw tungo sa tunay na kaliwanagan, katuwiran at kaginhawaan, mga bagay na sa pagpapatuloy ng diwa ng sinaunang bayan, ay inadhika ni Andres Bonifacio at ng Haring Bayang Katagalugan noong Himagsikang 1896. Ayon nga kay Gat José Rizal, isang taal na taga-Pulilan (Laguna-Rizal), matutukoy lamang ang tadhana ng isang bayan kung magbabalik-tanaw ito sa kanyang nakaraan.

Halina at inyong tuklasin ang pamanang kabihasan, kalinangan at kasaysayan mula sa ating mga ninuno sa mga susunod na pahina. Tunghayan ninyo ang isang panimulang pag-aaral ng pangkalahatang kasaysayan ng Kapilipinuhan at lasapin ang sarap maging Pilipino.